# Araling Panlipunan Reviewer - Set B

1. Ilang elemento ng pagkabansa ang taglay ng Pilipinas?
    a. isa
    b. dalawa
    c. tatlo
    d. apat

2. Ito ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng sibilisadong lipunan.
    a. tao
    b. bansa
    c. teritoryo
    d. pamahalaan

3. Alin sa mga sumusunod ang tamang pahayag tungkol sa Pilipinas?
    a. Ang Pilipinas ay may dalawang elemento lamang ng pagkabansa.
    b. Ang mga Pilipino ay gumagamit ng iisang wika lamang.
    c. Hindi maaaring ituring na bansa ang Pilipinas dahil maliit lamang ang teritoryo nito.
    d. Matatawag na bansa ang Pilipinas dahil nagtataglay ito ng apat na elemento ng pagkabansa.

4. Kung ang bansang China ay nasa hilaga ng Pilipinas, ano naman ang bahaging tubig na matatagpuan sa direksiyong ito?
    a. Bashi Channel
    b. Karagatang Pasipiko
    c. West Philippine Sea
    d. Tañon Strait

5. Makikita ang dalawang malalaking bahaging tubig na Dagat Sulu at Dagat Celebes sa gawing _____ ng Pilipinas.
    a. hilaga
    b. kanluran
    c. silangan
    d. timog

6. Nasa timog ng Pilipinas ang bansang _____.
    a. Laos
    b. Taiwan
    c. Cambodia
    d. Indonesia

7. Saang bahagi ng Asya matatagpuan ang Pilipinas?
    a. Hilagang-Silangang Asya
    b. Timog-Silangang Asya
    c. Hilagang-Kanlurang Asya
    d. Timog-Kanlurang Asya

8. Ilang kilometro ang haba ng Pilipinas mula sa hilaga patimog?
    a. 4 851
    b. 3 851
    c. 2 851
    d. 1 851

9. Humigit-kumulang ilang kilometro ang layo ng Pilipinas mula sa kalakhang kontinente ng Asya?
    a. 1 000
    b. 10 000
    c. 5 000
    d. 50 000

10. Ilang kilometro ang lawak ng Pilipinas mula sa kanluran pasilangan?
    a. 1 107
    b. 1 851
    c. 7 641
    d. 300 000

11. May dalawang uri lamang ng panahon sa ating bansa. Ano ang mga ito?
    a. tag-ulan at tag-araw
    b. tag-araw at tagsibol
    c. tagsibol at taglagas
    d. tag-ulan at tagsibol

12. Ito ay anyong lupang maaaring magbuga ng gas, lahar, bato, nagbabagang putik, at iba pa.
    a. bulkan
    b. burol
    c. lambak
    d. talampas

13. Ito ay isang mahaba at makitid na anyong tubig na umaagos mula sa mga sapa o bukal.
    a. bukal
    b. ilog
    c. karagatan
    d. kipot

14. Ito ay anyong tubig na napapaligiran ng lupa.
    a. bulubundukin
    b. kapatagan
    c. lawa

hunterswoodsPH.com

    d. pulo

15. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa klima ng Pilipinas?
    a. basa o tuyo at mahalumigmig
    b. taglagas at mahalumigmig
    c. taglagas o tagsibol at malamig
    d. taglamig at taglagas

16. Ano ang tawag sa hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng lakas ng hanging dala ng bagyo?
    a. tidal wave
    b. tsunami
    c. storm surge
    d. hurricane

17. Ang _____ ay tumutukoy sa pagsusuri ng anyo o hugis ng isang lugar.
    a. arkipelago
    b. arkitektura
    c. topograpiya
    d. arkeolohiya

18. Ang _____ ay sangguniang nagpapakita ng mga lugar na may panganib sa mga kalamidad.
    a. earthquake drill
    b. storm surge
    c. tsunami alert level
    d. hazard map

19. Ang mga bulkan na bagaman ay mapanganib ay maaari ring magsilbing _____ dahil sa angkin nitong kagandahan.
    a. pasyalan
    b. libingan
    c. daungan
    d. dausan ng konsyerto

20. Ang isda at iba pang lamang dagat, mga prutas at gulay at mga pang-agrikulturang produkto, mga troso, mga mineral, ginto, pilak at tanso, at marami pang iba ay tinatawag na ______.
    a. tourist attraction
    b. likas na yaman
    c. yamang likha ng tao
    d. lahat ng nabanggit

21. Ang bakal, chromium, nikel, zinc, tingga, asoge, aluminium, mamahaling ginto at pilak ay ilan lamang sa mga yamang mineral na nakakatulong sa pag-angat ng ating ekonomiya. Anong uri ng likas na yaman ang mga ito?
    a. yamang pansakahan
    b. yamang dagat

huntersWoodsPH.com

   c. yamang mineral
   d. yamang kagubatan

22. Ang troso ay halimbawa ng anong uri ng likas na yaman?
    a. yamang gubat
    b. yamang mineral
    c. yamang pangisdaan
    d. yamang pansakahan

23. Ang lugar na ito ay kilala sa pagiging lokasyon ng isang wind farm na gumagawa ng kuryente.
    a. Tiwi, Albay
    b. Bangui, Ilocos Norte
    c. Iligan, Lanao del Norte
    d. Angat, Bulacan

24. Ang _____ ay dahilan ng pagkalason ng isda at pagiging marumi ng tubig dagat.
    a. Pagtatanim ng mga bakawan
    b. Pagtatapon ng basura sa mga karagatan
    c. Pagtatanim ng mga artipisyal na korales
    d. Pangingisda nang naaayon sa regulasyon

25. Ang likas kayang pag-unlad ay kilala rin sa tawag na _____.
    a. environmental sustainability
    b. sustainable development
    c. sustainable environment
    d. environmental development

26. Ano ang tawag sa pinuno ng mga bansang kagaya ng Pilipinas?
    a. Prime Minister
    b. Hari
    c. Sultan
    d. Pangulo

27. Ito ay binubuo ng Mababa at Mataas na Kapulungan.
    a. Kongreso
    b. Korte Suprema
    c. Sangay ng Tagahukom
    d. Sangay ng Tagapagpaganap

28. Ito ang sangay ng pamahalaan na nagbibigay ng interpretasyon ng mga batas.
    a. ehekutibo
    b. lehislatibo
    c. hudikatura
    d. mahistrado

29. Siya ang pinakamataas na hukom ng Korte Suprema.

huntersswoodsPH.com

a. ispiker
b. pangulo
c. pangulo ng senado
d. punong mahistrado

30. Ito ang kapangyarihan ng pangulo na tanggihan ang panukalang batas na ipinasa sa Kongreso.
    a. veto power
    b. presidential decree
    c. habeas corpus
    d. eminent domain

31. Ang Sangay na Tagapagbatas ay tinatawag ring _____.
    a. Kongreso
    b. Hurado
    c. Korte Suprema
    d. Gabinete

32. Anong kagawaran ang dapat tumitiyak na binibigyan ng tamang sahod at benepisyo ang mga manggagawa?
    a. Department of Social Welfare and Development (DSWD)
    b. Department of Labor and Employment (DOLE)
    c. Department of Agriculture (DA)
    d. Department of Health (DOH)

33. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga programa ng pamahalaan para sa kalusugan?
    a. Edukasyon Para sa Lahat
    b. pagbabakuna
    c. Complete Treatment Pack
    d. PhilHealth

34. Aling programang pang-edukasyon ang naglalayong magkaroon ang bawat mag-aaral nang lubos at tuloy-tuloy na pagkatuto ng mga batayang kasanayan at kahandaan sa kolehiyo o sa paghahanapbuhay?
    a. Edukasyon Para sa Lahat
    b. Programang K to 12
    c. Day Care Center
    d. Abot-Alam

35. Ang mga sumusunod ay mga ahensya ng pamahalaan na may tungkuling mapanatili ang kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan MALIBAN sa isa. Alin ito?
    a. Kagawaran ng Turismo
    b. Pambansang Pulisya ng Pilipinas
    c. Kagawaran ng Tanggulang Pambansa
    d. Sandatahang Lakas ng Pilipinas

hunterswoodsPH.com

36. Isa ito sa mga programang pang-edukasyon ng pamahalaan sa bawat barangay na mangangalaga sa mga batang nag-uumpisa pa lamang matuto.
    a. Day Care
    b. Alternative Learning System (ALS)
    c. TESDA
    d. Out-of-School Youth (OSY)

37. Upang maging tiyak at maayos ang ekonomiya, masusing isinasaad sa Saligang Batas ang tatlong layunin sa pagtataguyod ng pambansang ekonomiya. Ang mga ito ay ang sumusunod MALIBAN sa isa:
    a. Makatarungang pamamahagi ng kita, pagkakataon, at kayamanan
    b. Patuloy na paglaki ng produksiyon ng kalakal at paglilingkod para sa taong bayan
    c. Lumalawak na kasaganaan na susi sa pagtaas ng antas ng pamumuhay ng tao lalo na ang mga kapus-palad
    d. Patuloy na pakikipagsapalaran nang makapagtayo ng mga industriya

38. Ito ay ang sitwasyong pangkabuhayan ng isang bansa.
    a. kagawaran
    b. lingkurang-bayan
    c. ekonomiya
    d. impraestruktura

39. Nakararanas ang Pilipinas ng iba-ibang kalamidad tulad ng bagyo, baha, sunog, lindol at pagputok ng bulkan. Alin sa mga sumusunod na ahensiya ang pangunahing nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan sa panahon ng sakuna?
    a. National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC)
    b. Land Transportation Office (LTO)
    c. Bureau of Foods and Drugs (BFAD)
    d. National Food Authority (NFA)

40. Aling ahensya ng pamahalaan ang naatasang bumalangkas ng mga patakaran ukol sa mga isyu ng mga may kapansanan at alalahanin?
    a. Pambansang Pangasiwaan ng Pagkain (National Food Authority o NFA)
    b. Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Kalakhang Maynila (Metro Manila Development Authority o MMDA)
    c. Pambansang Sanggunian Ukol sa Ugnayang Pangmaykapansanan (National Council on Disability Affairs o NCDA)
    d. Komisyon sa mga Karapatang Pantao (Commission on Human Rights o CHR)

41. May dalawang uri ang pagkamamamayan: ang likas/katutubo at naturalisado. Ano ang ibig sabihin ng likas o katutubong pagkamamamayan?
    a. ang mga mamamayang anak ng isang Pilipino
    b. ang mga mamamayang isa lamang sa kanilang mga magulang ang Pilipino
    c. ang mga mamamayang parehong mga Pilipino ang mga magulang
    d. lahat ng nabanggit

huntersrwoodsPH.com

42. Si G. Smith na isinilang sa Amerika ay nakapagpatayo ng isang malaking kompanya sa Pilipinas. Tatlong taon na siyang naninirahan sa Pilipinas. Ayon sa nabanggit, ano ang pagkamamamayan ni G. Smith?
    a. Siya ay isang likas na Pilipino.
    b. Siya ay isang naturalisadong Pilipino.
    c. Siya ay isang Amerikano.
    d. Siya ay isang katutubong Pilipino.

43. Ito ang kasulatan kung saan nakasaad ang batayan ng pagkamamamayang Pilipino.
    a. Family Code
    b. Saligang Batas
    c. Articles of Impeachment
    d. Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas

44. Ayon sa kasalukuyang Saligang Batas, may karapatan ang bawat Pilipino na makapamuhay nang malaya at may dignidad. Ano ang kasalukuyang Saligang Batas na umiiral?
    a. Saligang Batas ng 1986
    b. Saligang Batas ng 1987
    c. Saligang Batas ng 1988
    d. Saligang Batas ng 1989

45. Anong uri ng karapatan ang maaaring alisin sa pamamagitan ng panibagong batas?
    a. likas na karapatan
    b. karapatang kaloob ng binuong batas
    c. karapatang pangkatutubo
    d. karapatang konstitusyonal

46. Ang mga karapatang pangkabuhayan ay tumutulong sa pangangalaga sa kapakanan ng kabuhayan ng mga mamamayan. Alin sa mga sumusunod ang kabilang sa mga karapatang pangkabuhayan?
    a. karapatang magpetisyon
    b. karapatan sa pagkamamamayan
    c. karapatang magkaroon ng ari-arian
    d. karapatang pumili ng propesyon o hanapbuhay

47. Sa anong rehiyon ng Asya kabilang ang bansang Pilipinas?
    a. silangang Asya
    b. hilagang Asya
    c. kanlurang Asya
    d. timog-silangang Asya

48. Anong isla ang hinahanap ng mga Europeo na naging daan para matuklasan ang Pilipinas?
    a. Kiribati
    b. Micronesia
    c. Moluccas
    d. Palau

huntersvoodsPH.com

49. Ang Kipot ng Luzon (Luzon Strait) ay matatagpuan sa aling direksyon ng Pilipinas?
    a. hilaga
    b. timog
    c. silangan
    d. kanluran

50. Ito ang teoryang nagsasabing nagmula ang Pilipinas sa malalaking tipak ng lupain sa daigdig na naghiwa-hiwalay ilang daang milyong taon na ang nakalipas.
    a. land bridges o tulay na lupa theory
    b. Pacific theory o teorya ng bulkanismo
    c. continental drift theory
    d. mitolohiya

51. Alin sa ibaba ang tumutukoy sa sali-salimuot na kuwento na ang layunin ay magpaliwanag ng sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay?
    a. mitolohiya
    b. relihiyon
    c. sitwasyon
    d. teorya

52. Ito ay mga tipak ng lupa sa ilalim ng katubigan na nakakabit sa mga kontinente.
    a. continental shelf
    b. fossilized materials
    c. asthenosphere
    d. volcanic materials

53. Sino ang nagpakilala sa teoryang Wave Migration?
    a. F. Landa Jocano
    b. Peter Bellwood
    c. H. Otley Beyer
    d. Wilhelm Solheim II

54. Alin sa sumusunod ang pinaniniwalaang puno o halaman na pinagmulan ng sinaunang tao sa bansa batay sa mitolohiya?
    a. gumamela
    b. kawayan
    c. narra
    d. mangga

55. Ano ang tawag sa paniniwala at pagsasamba ng Diyos?
    a. mitolohiya
    b. alamat
    c. relihiyon
    d. pabula

huntersswoodsPH.com

56. Ang mga sumusunod na kasangkapang metal ang mas higit na napaghusay ng mga sinaunang Pilipino noong maunlad na Panahon ng Metal MALIBAN sa isa. Ano ito?
    a. sibat
    b. kampit
    c. kutsilyo
    d. tsarera

57. Ang mga sumusunod ay ang mga natatamasang karapatan ng mga kababaihan sa Ifugao maliban sa isa. Alin sa mga ito?
    a. bumoto o pumili ng lider
    b. magkaroon ng kayamanan
    c. pagiging kapalit ng datu
    d. pumili ng mapapangasawa

58. Ayon sa paliwanag na ito, ang unang mga tao sa Pilipinas ay sina Malakas at Maganda.
    a. relihiyon
    b. naturalismo
    c. mitolohiya
    d. bulkanismo

59. Sa aling panahon nakagawa ang mga sinaunang Pilipino ng mga matatalim na mga sibat, kutsilyo, at iba pang sandata?
    a. Panahong Paleolitiko
    b. Panahong Neolitiko
    c. Panahon ng Metal
    d. Wala sa mga ito

60. Sa aling panahon unang gumawa ang mga Pilipino ng mga alahas at kagamitang pandigma gamit ang tanso?
    a. Panahong Paleolitiko
    b. Panahong Neolitiko
    c. Panahon ng Metal
    d. Wala sa mga ito

61. Paano magpasya ang datu kung nagbibigay ng hatol sa mga nagkakasalang kasapi ng barangay?
    a. pinapatay agad
    b. tumatawag sa diyos
    c. kumukuha ng tagahatol sa kabilang barangay
    d. isinasailalim ang nagkasala sa mga pagsubok

62. Anong paraan ng pagsasaka ang nililinis at sinusunog muna ang burol bago taniman?
    a. pag-aararo
    b. pagbabakod
    c. pagkakaingin
    d. pagnanarseri

huntersswoodsPH.com

63. Ano ang tawag sa gawaing pang-ekonomiko na gumagawa ng mga bagay mula sa metal tulad ng ginto?
    a. pangangaso
    b. pangingisda
    c. metalurhiya
    d. paghahabi

64. Ano ang paniniwala ng ating mga ninuno na ang tao, hayop, halaman, bato, tubig, at kalikasan ay may kaluluwa?
    a. Animismo
    b. Islam
    c. Judismo
    d. Kristiyanismo

65. Anong kulay ng kangan ang isinusuot ng datu?
    a. asul
    b. berde
    c. itim
    d. pula

66. Ang mga sumusunod ay batas ng Pamahalaang Sultanato MALIBAN sa isa. Alin dito?
    a. Adat
    b. Sharia
    c. Qur'an
    d. Ulama

67. Ang Sultanato ay isang sistema ng pamahalaan na batay sa katuruan ng _____.
    a. Animismo
    b. Islam
    c. Judismo
    d. Katoliko

68. Dumating ang mga Arabong Muslim sa Pilipinas upang _____.
    a. bumisita
    b. makipaglaban
    c. makipagkalakalan
    d. manakop

69. Siya ang pinakamataas na tao sa Pamahalaang Sultanato.
    a. imam
    b. pari
    c. sultan
    d. alkalde

70. Ito ang tawag sa isang tao na naniniwala sa Relihiyong Islam.

hunterswoodsPH.com

a. Kristiyano
b. Muslim
c. Budista
d. Hudyo

71. Ang mga sumusunod ay ang mga lugar na napasailalim sa kapangyarihan ni Legazpi maliban sa isa. Ano ang lugar na ito?
    a. Albay
    b. Cavite
    c. Masbate
    d. Mindoro

72. Siya ay isang katutubong pinuno sa Cebu na tumanggap kay Magellan at nagpabinyag sa Kristiyanismo noong 1521.
    a. Rajah Humabon
    b. Rajah Sigala
    c. Lapu-Lapu
    d. Lakan Dula

73. Ito ang itinuturing na pinakamatandang kalye sa Pilipinas.
    a. Calle Crisologo
    b. Colon
    c. Kalibo
    d. EDSA

74. Bakit kailangang pilitin ng mga Espanyol ang mga Pilipino sa bagong paniniwala?
    a. Para maging pari din ang mga Pilipino
    b. Para sila ang pumunta sa mga bundok
    c. Para ganap na maipapatupad ang kolonyalismo
    d. Para makakuha sila ng mga agimat sa mga Pilipino

75. Bakit natalo ang mga Pilipino sa pakikipaglaban sa mga Espanyol?
    a. duwag sila
    b. kulang sila sa armas
    c. maawain sila sa dayuhan
    d. marunong silang gumamit ng baril

76. Siya ang sumakop sa mga lalawigan ng katimugang Luzon.
    a. Antonio Pigafetta
    b. Martin de Goiti
    c. Miguel Lopez de Legaspi
    d. Juan de Salcedo

77. Ang tawag sa ibinayad na halaga ng isang polistang hindi makapagtatrabaho sa sistemang *polo y servicio* ay _____.
    a. encomienda

hunterswoodsPH.com

   b. falla
   c. reduccion
   d. tributo

78. Ano ang paraang ginamit ng mga Espanyol na nagdulot ng kahinaan sa mga Pilipino dahil pinag-away nila ang mga kapwa Pilipino?
    a. divide and rule
    b. kolonyalismo
    c. merkantilismo
    d. sosyalismo

79. Ang _____ ay ang tawag sa sapilitang paggawa ng mga Pilipinong 16-60 taong gulang na walang bayad.
    a. bandala
    b. galyon
    c. polo y servicio
    d. tributo

80. Ang _____ ay dulang may salitaan, awitan, at sayawang may romantikong istorya.
    a. korido
    b. moro-moro
    c. sarsuwela
    d. senakulo

81. Sino ang bumalangkas sa mga patakarang pangkabuhayan na nakatuon sa pagsasariling ekonomiya ng Pilipinas?
    a. Gobernador-Heneral Emilio Terrero
    b. Gobernador-Heneral Jose Basco
    c. Gobernador-Heneral Miguel Lopez de Legaspi
    d. Gobernador-Heneral Primo de Rivera

82. Ano ang kauna-unahang institusyon ng pananalapi sa Pilipinas?
    a. Banco Español-Filipino
    b. Bangko Sentral ng Pilipinas
    c. Obras Pias
    d. Sociedad Economica de Los Amigos

83. Si _____ ang Sultan na unang naglunsad ng banal na digmaan laban sa mga Espanyol.
    a. Sultan Kudarat
    b. Sultan Muhammad Alimuddin
    c. Sultan Sharif ul-Hashim
    d. Sultan Shariff Muhammed Kabungsuwan

84. Sina _____ ay nagnanais na palayasin ang mga Espanyol sa bansa at namuno ng pag-aalsa noong panahon ng pananakop ng mga British sa Maynila.
    a. Agustin Sumuroy at Pedro Ambaristo

hunterswoodsPH.com

b. Datu Bancao at ang babaylan na si Pagali
c. Diego at Gabriela Silang
d. Don Pedro Almazan at Juan Magsanop

85. Si _____ ay isang babaylan na nagtatag ng isang bagong relihiyon na parang binagong anyo ng Kristiyanismo sa Oton, Panay.
    a. Agustin Sumuroy
    b. Francisco Maniago
    c. Pedro Ambaristo
    d. Tapar

86. Si _____ ay namuno sa isang pag-aalsang agraryo dahil sa pang-aagaw ng mga prayle sa mga lupaing pag-aari ng mga magsasaka.
    a. Andres Malong
    b. Francisco Dagohoy
    c. Francisco Matienza
    d. Hermano Pule (Apolinario dela Cruz)

87. Bakit nag-alsa sa mga Espanyol si Tamblot?
    a. dahil gusto niyang ibalik ang dating relihiyong katutubo
    b. dahil tinanggihan siyang maging pari sa kadahilanang siya ay isang katutubo
    c. dahil tinanggihan ng isang pari na mailibing sa Kristiyanong pamamaraan ang kanyang kapatid
    d. dahil kinumpiska ang kanyang mga ari-arian ng mga Espanyol

88. Ano ang tawag sa mga paring hindi nabibilang sa anumang samahang relihiyoso?
    a. regular
    b. sekular
    c. ilustrados
    d. GOMBURZA

89. Ano ang tawag sa mga anak ng mayayamang Pilipino na nakapag-aral at naging propesyonal?
    a. middle class
    b. mestizo
    c. tsino
    d. ilustrado

90. Ano ang pinakamahalagang pangyayari na nagpaigting sa galit ng mga Pilipino sa mga Espanyol?
    a. Pagbukas ng Suez Canal
    b. Pagbitay sa tatlong paring martir
    c. Pagpasok ng kaisipang liberal
    d. Pag-alis ng parusang paghahagupit

91. Anong samahan ang itinatag ni Dr. Jose Rizal noong 3 Hulyo 1892?
    a. Katipunan

hunterswoodsPH.com

b. Kilusang Propaganda
c. La Liga Filipina

92. Sino ang sumulat ng Kartilya ng Katipunan?
    a. Emilio Jacinto
    b. Graciano Lopez Jaena
    c. Jose Rizal
    d. Marcelo H. del Pilar

93. Ito ang dokumento kung saan nakalatag ang mga tuntunin at prinsipyo ng Katipunan. Nagsilbi itong *guidebook* para sa mga bagong miyembro.
    a. Diyaryong Tagalog
    b. Kalayaan
    c. Kartilya
    d. La Solidaridad

94. Sino ang pumalit kay Graciano Lopez Jaena bilang patnugot ng La Solidaridad?
    a. Antonio Luna
    b. Ferdinand Blumentritt
    c. Jose Rizal
    d. Marcelo H. del Pilar

95. Kailan dinakip si Jose Rizal?
    a. Hulyo 3, 1891
    b. Hulyo 3, 1892
    c. Hulyo 6, 1892
    d. Hulyo 7, 1892

96. Ang Katipunan ay tinatawag din na Kilusang KKK. Ano ang kahulugan ng KKK?
    a. Kataas-taasan, Kagalang-galangang, Kalipunan ng mga Anak ng Bayan
    b. Kataas-taasan, Kagalang-galangang, Katipunan ng mga Anak ng Bayan
    c. Kataas-taasan, Kagitingang, Katipunan ng mga Anak ng Bayan
    d. Kabataan, Kasamahan, Katipunan ng mga Anak ng Bayan

97. Bakit napaaga ang pagsiklab ng himagsikan?
    a. Namatay si Jose Rizal.
    b. Natuklasan ang lihim ng kilusan.
    c. Nagkasundo-sundo ang mga pinuno nito.
    d. Nakapaghanda ng mabuti ang kasapi nito.

98. Ang kinikilalang Ama ng Himagsikan ay si _____.
    a. Andres Bonifacio
    b. Apolinario Mabini
    c. Emilio Aguinaldo
    d. Emilio Jacinto

99. Siya ang tinaguriang Ina ng Watawat ng Pilipinas.
   a. Gregoria de Jesus
   b. Marcela Agoncillo
   c. Melchora Aquino
   d. Tandang Sora

100. Sino ang nahalal bilang Direktor ng Interior sa Kumbensiyon sa Tejeros?
   a. Andres Bonifacio
   b. Artemio Ricarte
   c. Emiliano Riego de Dios
   d. Mariano Trias

101. Itinatag ni Jose Rizal ang La Liga Filipina noong Hulyo 3, 1892 ngunit naaresto sya makalipas ang 3 araw at kalaunan ay ipinatapon sa Dapitan. Kailan itinatag nina Andres Bonifacio at kanyang mga kasamahan ang Katipunan?
   a. isang araw matapos arestuhin si Rizal
   b. isang linggo matapos arestuhin si Rizal
   c. isang buwan matapos arestuhin si Rizal
   d. isang taon matapos arestuhin si Rizal

102. Natigil ang Himagsikang Pilipino nang lagdaan ang Kasunduan sa Biak-na-Bato nina Gobernador-Heneral Primo de Rivera at _____.
   a. Andres Bonifacio
   b. Emiliano Riego de Dios
   c. Emilio Aguinaldo
   d. Mariano Trias

103. Isa siya sa iilang kababaihan na humawak ng armas at nakipaglaban kasama ng kalalakihan sa rebolusyon sa Bulacan.
   a. Gregoria de Jesus
   b. Josefa Rizal
   c. Melchora Aquino
   d. Trinidad Tecson

104. Kabilang sa mga nakasaad sa Saligang Batas sa Malolos ang sumusunod, maliban sa:
   a. pagkilala sa karapatan ng bawat tao
   b. libreng edukasyon sa kolehiyo para sa lahat
   c. paghihiwalay ng simbahan at estado
   d. probisyon tungkol sa kapangyarihan ng ehekutibo, lehislatura at hukuman

105. Kailan nilagdaan ang Kasunduan sa Paris?
   a. Disyembre 10, 1896
   b. Disyembre 30, 1896
   c. Disyembre 10, 1898
   d. Disyembre 30, 1898

hunterswoodsPH.com

106. Sino ang tinaguriang Bayani ng Pasong Tirad?
   a. Antonio Luna
   b. Emilio Aguinaldo
   c. Emilio Jacinto
   d. Gregorio del Pilar

107. Ito ang unang batas Amerikano na nagtatakda ng proseso at petsa para makamit ng Pilipinas ang kalayaan mula sa Estados Unidos, resulta ng OsRox Mission na pinamunuan nina Sergio Osmeña and Manuel Roxas.
   a. Batas Cooper
   b. Batas Hare–Hawes–Cutting
   c. Batas Jones
   d. Batas Tydings–McDuffie

108. Sino ang tinataguriang Ama ng Wikang Pambansa?
   a. Claro M. Recto
   b. Felipe Buencamino
   c. Fernando Amorsolo
   d. Manuel L. Quezon

109. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga bansang Japan, Italy, at Germany ay kabilang sa _____.
   a. Axis powers
   b. Allied forces
   c. United Nations
   d. NATO

110. Mga ilang sundalong Pilipino at Amerikano ang sumuko kay Hen. Masaharu Homma ng Japan?
   a. humigit sa 20 libo
   b. humigit sa 50 libo
   c. humigit sa 70 libo
   d. humigit sa 100 libo

111. Ano ang tawag sa mga rebeldeng pangkat na kumalaban sa mga Hapones?
   a. gerilya
   b. Homma
   c. Kempei-tai
   d. papet

112. Sino ang huling pangulo ng Komonwelt at kauna-unahang pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas?
   a. Diosdado Macapagal
   b. Elpidio Quirino
   c. Manuel A. Roxas
   d. Sergio Osmeña Sr.

hunterswoodsPH.com

113. Sinong pangulo ang nagpairal ng "Filipino First Policy" na naghikayat sa mga mamamayan na tangkilikin ang produktong Pilipino?
   a. Carlos P. Garcia
   b. Diosdado Macapagal
   c. Elpidio Quirino
   d. Ramon Magsaysay

114. Nakasaad sa Saligang Batas na sa panahon na nasa panganib ang bansa, ang sinumang mamamayang Pilipino na nasa tamang edad, babae man o lalaki, ay maaaring atasang magbigay ng serbisyong personal, militar, o sibil. Ito ay bahagi ng _____.
   a. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
   b. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan
   c. Karapatang Mag-angkin ng Ari-arian
   d. Karapatang Makipag-ugnayan

115. Hinuhuli ang sinumang nagsasalita laban sa pamahalaang Marcos noong panahon ng Batas Militar. Anong karapatan ng mamamayan ang nilabag nito?
   a. karapatang bumoto
   b. karapatang magmay-ari
   c. karapatang mabuhay
   d. karapatan sa malayang pamamahayag

116. Kailan nilagdaan ni Pangulong Marcos ang proklamasyon ng Batas Militar?
   a. Setyembre 12, 1972
   b. Setyembre 21, 1972
   c. Setyembre 21, 1927
   d. Setyembre 21, 1986

117. Ito ay suliraning tumutukoy sa mga likas na sakuna sa ating bansa.
   a. droga
   b. kahirapan
   c. kalamidad
   d. korapsyon

118. Bakit madalas na dinadaanan ng bagyo ang ating bansa?
   a. dahil sa lokasyon ng ating bansa sa Pacific Ring of Fire
   b. dahil sa lokasyon ng ating bansa sa polar region
   c. dahil sa lokasyon ng ating bansa sa temperate zone
   d. dahil sa lokasyon ng ating bansa sa tropical zone

119. Sinong pangulo ang nagpatupad ng K-to-12 Program bilang reporma sa edukasyon?
   a. Joseph Estrada
   b. Benigno "Noynoy" Aquino III
   c. Cory Aquino
   d. Fidel V. Ramos

hunterswoodsPH.com

120. Saan natuklasan ng grupo ng mga arkeologo sa pangunguna nina Robert Fox at Manuel Santiago ang labi ng pinakaunang kilalang tao (Homo sapiens) sa Pilipinas?

a. Bataan Cave
b. Cagayan Cave
c. Mindoro Cave
d. Tabon Cave

hunterswoodsPH.com

## Answer Key

1. d
2. d
3. d
4. a
5. d
6. d
7. b
8. d
9. a
10. a
11. a
12. a
13. b
14. c
15. a
16. c
17. c
18. d
19. a
20. b
21. c
22. a
23. b
24. b
25. b
26. d
27. a
28. c
29. d
30. a
31. a
32. b
33. a
34. b
35. a
36. a
37. d
38. c
39. a
40. c
41. d
42. c
43. b
44. b
45. b
46. d
47. d
48. c
49. a
50. c
51. a
52. a
53. c
54. b
55. c
56. d
57. a
58. c
59. c
60. c
61. d
62. c
63. c
64. a
65. d
66. d
67. b
68. c
69. c
70. b
71. b
72. a
73. b
74. c
75. b
76. d
77. b
78. a
79. c
80. c
81. b
82. c
83. a
84. c
85. d
86. c
87. a
88. b
89. d
90. b
91. c
92. a
93. c
94. d
95. c
96. b
97. b
98. a
99. b
100. a
101. a
102. c
103. d
104. b
105. c
106. d
107. b
108. d
109. a
110. c
111. a
112. c
113. a
114. b
115. d
116. b
117. c
118. a
119. b
120. d